



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas



OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINISIPI MULA SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINAGAP SA HUMAHANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN NOONG HULYO 22, 1996, IKA-9:05 NG UMAGA.

Mga Dunalo:

Vice Mayor Jesus M. Dinapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Balboa
Kagawad Ferdinand V. Talena
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dinapilis
Kagawad Jesus S. Pala Cruz
Kagawad Ramulfo C. Bernal
Kagawad Juanito A. Baccay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo O. Villamin - ABC President

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ranty P. Valencia - SK Chairman

KAPASYAHAN BLG. 071
Taong 1996

KAPASYAHANG HUMIHILING SA KAWANIHAN NG IMPORTASYON SA ILALIM NG KAGAWARAN NG KALAKALAN AT INDUSTRIYA AT SA KAGAWARAN NG PANAHALAPI NA PATAAGANG TURISMO-OP NG DONASYONG SASAKYAN MULA SA JAPAN ANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, nangangailangan ng sasakyan ang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro upang magamit ito sa pang-araw-araw na gawain ng isang tanggapang-bayan at bilang mga tagapamahalaan lokal, upang mapabilis ang paghahatid ng serbisyo sa mga mamamayan;

SAPAGKA'T, napag-alaman ng pamumuhang lokal ng bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na mayroong sasakyang nasaring ibigay sa bayan ito mula sa ibang bansa;

SAPAGKA'T, napagkasunduan ng Sangguniang ito na hilingin sa kinamukhang ahensya ng pamahalaang nasional at dito ay sa Kawanihan ng Importasyon sa ilalim ng Kagawaran ng Kalakalan at Industriya at sa Kagawaran ng Panahalapi na paglalookan ng sasakyang donasyon ng bansang Hapon ang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

DAHI. DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ferdinand V. Talena na alinag-ayunan ng lahat -

IPINASIYA, tulad ng pagpapasyang ito na hilingin sa Kawanihan ng Importasyon sa ilalim ng Kagawaran ng Kalakalan at Industriya at sa Kagawaran ng Panahalapi na bigyang-karapatan ang Bayan ng

[Handwritten signature]

[Handwritten signature]

Roxas, Silangang Mindoro na tumanggap ng donasyong sasakyan mula sa bansang Hapon.

IPINASIYA RIN na bigyan ng karapatang kapangyarihan ang Punong Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, Kgg. Gelacio I. Yason, upang lagdaan, isakatuparan at mababala sa pagdadala ng anumang at ng lahat ng kasulatan o dokumentong kailangan sa lahat ng kinaukulang tanggapan kabilang na ang Pagtanggap ng Donasyon at mga dokumentong kailangan sa importasyon ng nasabing donasyon, upang ipasa sa Kawanihan ng Kalakalan at Industriya, at sa Kagawaran ng Papanalapi, at ang paglalabas ng sasakyan mula sa Kawanihan ng Customs.

IPINASIYA PA RIN na pedalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang lahat ng kinaukulang tanggapan.

Pinagtibay: 22 Hulyo 1996

PINATUTUNAYAN KO ang pagiging wasto ng kapasyahang ito.

Violeta P. Fuentes
VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

SAKSI:

Jesus M. Dinapilis
JESUS M. DINAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

PINAGTIBAY:

Gelacio I. Yason
GELACIO I. YASON
Punong Bayan

ners/